ANG LITURHIYA PARA SA PAGDIRIWANG NG SHROVE TUESDAY

[Ang Pagsunog ng mga Tuyong Palaspas na gagamitin para sa Miyerkules de Abo]

Ang liturhiyang ito ay iminumungkahing gamitin bilang panimulang gawain para sa pagdiriwang ng pagsusunog ng palaspas sa lahat ng mga parokya ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) na nakapaloob sa konteksto ng Banal na Eukaristiya. Ang Liturhiyang ito ay sinasagawa takip silim ng araw ng Martes, gawain o pagdiriwang bago ang Miyerkules de Abo, kung saan ang mga abo na gagamitin para sa pagpapahid o paglalagay ng abo sa noo sa pagdiriwang ng Miyerkules de Abo ay maingat na inihahanda, at ang kongregasyon ay inihahanda sa panahon Kuwaresma, isang panahon na nagtatampok, bukod sa iba pa, ng pagsisisi, pangungumpisal at pagpapatawad ng kasalanan , pagdarasal at pag-aayuno. Ito rin ang araw batay sa tradisyon na ang mga Kristiyanong mga tahanan na ang lahat ng produktong gawa sa karne at gatas ay ginagamit o inuubos bilang pagsasagawa at simbolo ng pag-aayuno sa buong panahon ng Kuwaresma.

Ang gawain ay magsisimula sa labas ng simbahan. Ang Pari ay nakatayo sa harap ng kongregasyon, kasama ang iba pang mga ministro na may hawak na Kandilang pang Paskuwa, ang pang suob, insenso at ang krus sa kanyang kanan at kaliwang bahagi. Ang mga miyembro ng kongregasyon ay nakatayo rin at may mga hawak na tuyong palaspas mula sa Linggo ng Palaspas ng nakaraang taon. Sa gitna ng pagtitipon ay may nakalagay isang palayok o lalagyan kung saan ang mga tuyong palaspas ay susunugin. Ang liturhiya ay magsisimula sa pagkanta ng angkop na awit o himno.

Ang Paghahanda

Matapos awitin ang himno, sasabihin ng Pari ang mga sumusunod na salita sa kongregasyon na nagkakatipon.

Pari : Sa Pangalan ng Diyos: Ama, Anak at Banal na Espiritu.

Bayan : Amen.

Pari : Minamahal na Bayan ng Diyos, tayo ngayon ay nagkakatipon-tipon upang hilingin ang biyaya ng Diyos lalo't higit sa ating paghahanda sa pagsisimula ng Panahon ng Kuwaresma. Lahat nawa tayo ay mapuspos ng kaamuan ng buhay at sigasig sa pananampalataya upang ikumpisal ang ating mga kasalanan at humingi ng kapatawaran; upang magbigay ng mapagmahal na paglilingkod sa iba at upang mamuhay sa isang buhay na puno ng panalangin at pagninilay.

Tayo ay inaasahang magsama-sama muli bukas bilang isang simbahan sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya upang tanggapin ang paglalagay ng abo sa ating mga noo bilang tanda ng banal na pagsasabuhay ng Panahon ng Kuwaresma sa loob ng apatnapung araw. Ngayon, tayo ay nagkakatipon upang sunugin ang mga tuyong palaspas upang mangalap ng abo upang magamit para sa ating pagdiriwang bukas.

Panandaliang pairalin ang katahimikan. Matapos ang ilang sandali ay sasabihin ng Pari ang mga sumusunod panalangin:

Pari : Manalangin tayo. O maawaing Diyos, ginawa mo kami mula sa alabok at tinawag upang tumalima sa iyo alinsunod sa pangangaral ng Panginoong Hesukristo at ng

buong Simbahan. Buong awa mo nawa kaming pagmasdansa aming paghahanda ng mga abong ito upang maging tanda sa pagsisimula ng aming paglalakbay sa Panahon ng Kuwaresma.

Ipagkaloob mo na kaming magsasagawa ng Banal na Paglalakbay na ito ay humantong sa pinagmulan ng aming muling pagsilang tungo sa aming masiglang pagsisikap na makapamuhay nang may kabanalan. Dalhin nawa kami ng aming pagsasakripisyo tungo sa paglilingkod sa Iyong bayan at kamtin naming ang Iyong kapayapaan. Nawa'y sa aming mga panalangin ay pagpalain ang aming mga gawain at nawa sa aming pagsamba ay makasama kami sa Iyong makalangit na hapag ng may kagalakan kasama ang aming Panginoong Hesukristo na puno sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Bayan : Amen.

Ang Pagbasa

Manatiling nakatayo ang lahat habang nakikinig sa pagbasa ng Banal na Kasulatan na mula sa aklat ng Propeta Isaias, kabanata limampu't walo at nagsisimula sa ikalimang talata hanggang ikasampu. (Isa,58:5-10)

Ang Banal na Ebanghelyo

Matapos ang pagbasa, ipapahayag ng Pari ang Banal na Ebanghelyo at pagbubulay-bulay sa kahulugan ng liturhikal na pagdiriwang sa paghahanda ng mga abo.

Ang Pagsunog sa mga Tuyong Palaspas

Matapos ang Banal na Ebanghelyo o pagmuni-muni, isang angkop na awit o himno ang aawitin. Habang umaawit, ihahanda ng kongregasyon ang kanilang mga tuyong palaspas para sa pagsunog. Ang ministro na may hawak ang Kandila Pampaskuwa ay nakatayo malapit sa lugar kung saan matatagpuan ang palayok o sisidlan. Pagkatapos ay aanyayahan ng Pari ang kongregasyon habang sinasabi ang sumusunod:

Pari : Atin ng susunugin ngayon ang mga tuyong palaspas. Inaanyayahan namin ang bawat isa na tahimik nating ilagay sa palayok o sisidlan ang mga tinuyong palaspas pagkatapos sindihan mula sa Kandilang Pampaskuwa. At habang ginagawa natin ito, taimtin nating dasalin ang ating mga panalangin.

*Habang isinisagawa ang pagsunog, aawitin o babasahin ang **Awit 51**, at uulitin ang Antiphon: "**Ang pag-ibig ng Diyos para sa atin ay mananatili magpakailanman**" sa bawat pagtatapos ng mga sumusunod na talata: 1-2, 3-5, 6-7, 8-9, 10-11, 12-13, 14-15, 16-17, 18-19. **O kaya ay pag-awit ng isang angkop na awit o himno** kung ay pagsunog ay tumagal.*

Ang Pagbabasbas ng Sinunog na Tuyong Palaspas

Kapag nasunog na ang lahat ng tuyong palaspas, sasabihin ng Pari ang sumusunod na panalangin para sa pagpapala.

Pari : Makapangyarihang Diyos, pagpalain Mo ang mga abong ito **(+)** na magamit upang maipamalas naming mga tao, na kami ay Iyong nilikha mula sa alabok at sa alabok kami ay babalik. Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at nawa'y manatili kaming tapat sa pagdiriwang ng banal na Panahon ng Kuwaresma.

Bayan : Amen.

Matapos ang pag-iinsenso ay babasbasan ng Pari ng banal na tubig ang mga sinunog na palaspas na nagging mga abo..

Ang mga Panalangin

Ang liturhiya ay magpapatuloy sa pag-awit ng angkop na awit o himno. Pagkatapos ay sasabihin ng Pari ang sumusuno na panalangin:

Pari : Ang Makapangyarihang Diyos ang lumikha sa atin at batid nating tayo ay Kanyang nilikha mula sa alabok. Manalangin tayo ngayon upang hilingin ang kapatawaran ng ating mga pagkakasala at Kanyang nawang pagalingin ang mga sugat na nilikha natin dahi sa ating mga kasalanan.

Namumuno : Ipagkaloob mo nawa sa amin ang biyaya para sa matapat na pagpapahayag ng aming mga kasalanan.

Bayan : Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Namumuno : Palakasin Mo nawa kami sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Iyong Banal na Espiritu.

Bayan : Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Namumuno : Bigyan Mo kami ng tapang na manindigan laban sa lahat ng tukso.

Bayan : Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Namumuno : Tulungan Mo kaming higit na igalang sa dignidad at karapatang-pantao ng aming kapwa.

Bayan : Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Namumuno : Papanibaguhin Mo ang iyong pag-ibig sa aming mga puso at gawin Mo kaming mga tapat mong saksi sa araw-araw.

Bayan : Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

Pari **:** O Panginoon naming Diyos, kalooban mo na kami'y huwag mamatay sa kasalanan bagkus, magsisi at iwaksi ang aming mga pagkakasala. Pagmasdan mo ng may kaawaan ang mga kasalanang dulot ng aming pagakatao. Batid namin na kami ay nagmula sa alabok at sa pamamagitan ng kamatayan ay muli kaming magbabalik sa alabok. Mahabag ka nawa sa amin at patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan at ipagkaloob Mo nawa ang Iyong ipinangakong gantimpala sa lahat ng nagsisisi, sa pamamagitan ni Hesukristong aming Panginoon.

Bayan **:** Amen.

Isang angkop na awit o himno ang aawitin habang ang kongregasyon ay marahang papasok sa loob ng simbahan para sa pagsisimula ng Banal na Eukaristiya.

MGA TAGUBILIN:

Kapag ang mga nasunog na palaspas at ang abo nito ay lumamig na, panatilihin ang mga ito sa sakristiya. Matapos ang Banal na Eukaristiya, ang Pari, sa tulong ng isang lingkod, ay sasalain ang mga sinunog na palaspas at abo upang suriing mabuti at mas pinuhin ang abo. Ilagay ang mga abo sa mga angkop na lalagyan at ihalo ang "Langis para sa mga Inihahanda sa Binyag" at ihanda para sa Miyerkules de Abo.

Isinalin sa Filipino ni Michelle S. Fabunan
Isinaayos ni Fr. Jojo Barrameda
February 12, 2018
Mula sa orihinal na salin na ginawa ni
Obispo Maximo Rhee M. Timbang